

PAMAMARAAN SA PAG-EVACUATE MATapos ANG LUMINDOL

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～地震後の避難方法～

Matapos ang pagyanig ng malakas na lindol , siguraduhin natin na bago tayo lumabas ng bahay o gusali ay ligtas tayo sa pupuntahan o lugar kung saan tayo magi-evacuate. Matapos ang malakas na pagyanig ay may kasunod pa ring mga maliliit na pagyanig ang lindol. Malamang na marami ring magbagsakang bagay sa ating paligid kaya't mangyaring mag-ingat at maghintay muna tayo sa ligtas na lugar bago mag-evacuate. Kung kalma na ang pagyanig, patayin ang mga main switch ng mga maaaring panggalingan ng apoy at buksan ang mga pinto at bintana na pwedeng daanan sa paglabas ng gusali o bahay.

May mga pagkakataon na dahil sa sobrang pagyanig ay nadi-deform ang mga pintuan at hindi ito mabuksan o di kaya ay may mga kasangkapan na maaaring mag-block sa pintuan. Sa ganitong pagkakataon ay kailangan nating buong puwersang sipain ang pinto. Kung matibay ang pinto, hawakan ninyo ang doorknob na pabukas ang mode o di kaya ay pwede rin ninyong i-tape ang doorknob na pabukas at sipain ng malakas na puwersa ang pintuan. Kung di pa rin mabuksan ang pinto , maaari ring distrongkahin ito sa pamamagitan ng mga martilyo o tubo.

Karamihan ng mga apartment o condominium sa ngayon ay mayroon mga emergency ladder o lift tulad ng escalator, elevator o lift . Sakali mang magi-evacuate, gamitin ang emergency ladder.

Kung mayroon sunog sa ibabang level ng gusali, mangyaring umakyat paitaas. Kung marami ang usok, mangyaring yumuko lamang kayo. Maaaring magsaklob ng plastic bag sa inyong ulo't mukha at gamitin ang hangin nito sa loob ng 2 minuto.

Kung kayo ay nasa kalagitnaan ng malaking gusali, ingatan ninyo ang inyong sarili at pati na ang mga kasama higit sa lahat yung mga may may edad, may kapansanan o nasugatan. Alamin maigi kung kailan dapat na mag-evacuate o maghintay ng rescuer.

Kung kailangang mag-ivacuate, siyasatin munang maigi ang mga rota na dapat daanan. Kung kailangang mag-hintay sa rescuer, maghanap ng safe na lugar. Hgit sa lahat, dapat tayong palaging maging kalmado.